5

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

GOVERNMENT PROPERTY NOT FOR SALE

**Banghay Aralin sa Filipino Baitang 5 Kuwarter 2:**
**Aralin 4**
**TP 2023-2024**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para sa paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Anomang pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit nang walang pahintulot ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat: Lilybeth C. Agno**
**Tagasuri: Jasper Lomtong**
**Ilustrador:**
**Tagaanyo:**

**Mga Tagapamahala**

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**FILIPINO, KUWARTER 2, BAITANG 5**

<table>
<tr><th colspan="2">I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN</th></tr>
<tr><td>A. Mga Pamantayang Pangnilalaman</td><td>Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, kuwentong kababalaghan, tulang pambata) at tekstong impormatibo (pagsunod-sunod sa panuto, hakbang at proseso), at umuunlad na kasanayang produktibo sa pagbuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing pangkomunidad at pambansa na may kaangkupang kultural (pasalita, pasulat, at biswal) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla.</td></tr>
<tr><td>B. Mga Pamantayan sa Pagganap</td><td>Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tekstong nagsasalaysay ng mga mungkahing hakbang na gagawin bilang solusyon sa isang usaping pangkomunidad o pambansa.</td></tr>
<tr><td>C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto</td><td>Mga Kasanayan sa Pakikinig at Pagbasa (Mga Kasanayang Pagtanggap)<br>● Nauunawaan ang tekstong naratibo (dulang pambata).<br>a. Natutukoy ang mahahalagang detalye.<br>b. Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa ikinilos ng tauhan.<br>c. Nababago ang katangian o pag-uugali ng mga tauhan.<br>● Natutukoy ang tayutay (pagsasatao o personipikasyon) sa pagbibigay-kahulugan sa pahayag na binasa o napakinggang teksto.<br>● Naiuugnay ang mga pangyayari sa teksto sa sariling karanasan.<br>Mga Kasanayan sa Pagsasalita at Pagsulat (Mga Kasanayang Produktibo)<br>● Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap.<br>a. tayutay (personipikasyon)<br>● Nagagamit ang mga bahagi ng pananalita sa pagpapahayag.<br>a. Pokus ng Pandiwa (tagatanggap/benepaktibo)<br>● Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso.<br>a. nagsasalaysay (dulang pambata)<br>● Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig, mambabasa, at konteksto).<br>a. tekstong naratibo (dulang pambata)</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | ● Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. layon (magsalaysay).<br>● Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag.<br><br>**Mga Kasanayan sa Panonood at Presentasyon**<br>● Nabibigyang-kahulugan ang mga elemento ng tekstong *multimedia. graphics (still images, drawings, graphs, illustrations, icons, atbp.)* |
| **D. Nilalaman** | Tekstong Naratibo: Dulang Pambata<br><br>WIKA: Tayutay (Pagsasatao/Personipikasyon)<br>Pokus ng Pandiwa (Tagatanggap/Benepaktibo) |
| **E. Integrasyon** | Pagpapahalaga sa Karapatan ng mga Bata |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


*Curriculum Guide for the MATATAG Curriculum*

DepEd (2012). *DepEd Order No. 73, s. 2012. Guidelines on the assessment and rating of learning 0utcomes under the K to 12 Basic Education Curriculum.* Official Gazette of the Republic of the Philippines. *https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2012/09sep/20120905-DepEd-DO-0073-BSA.pdf*

DepEd (2016). DepEd Order No 42, s. 2016. *Lesson preparation for the K to 12 Basic Education Program.* https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2016/06/DO_s2016_042.pdf




Espiritu, I. (2015, January 31). *Mga batang salamin ng lipunan*. Oxfam Pilipinas. https://pinoyweekly.org/2015/01/ang-mga-batay-salamin-ng-kasalukuyang-lipunan/

La Verdad, R. (2015, October 19). *3 Batang lalaki na inanod ng alon sa Manila Bay sa kasagsagan ng bagyong Lando, nasagip | Radyo La Verdad*. Radyo La Verdad. https://www.radyolaverdad.com/3-batang-lalaki-na-inanod-ng-alon-sa-manila-bay-sa-kasagsagan-ng-bagyong-lando-nasagip/

Manalo, J. (n.d.). *Magkapatid na paslit, hindi na binalikan ng kanilang nanay na bibili lang daw ng payong!* The Daily Sentry. https://www.thedailysentry.net/2021/06/magkapatid-na-paslit-hindi-na-binalikan.html

Santiago, A. O. at Norma G. T. (2003). *Makabagong balarilang Filipino*. Rex Bookstore, Inc

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **1. Maikling Balik-aral**<br>a. MGA KARAPATAN NG BATA<br><br>Ano-anong karapatan ng bata ang natutuhan ninyo sa nagdaang aralin?<br><br>b. MGA TAYUTAY<br>Ibigay ang metapora o pagwawangis na ginamit sa bawat pangungusap.<br><br>1. Noong nakipag-away siya kahapon, andaming basurang lumabas sa kaniyang bibig.<br>2. Ay naku, sobrang nerbiyosa 'yang si Claire! Nagyeyelo ang kamay niya 'pag humarap sa maraming tao.<br>3. Tunay na matulungin si Edison. Siya ay hulog ng langit.<br>4. Mag-ingat tayo sa mga ahas na kaibigan.<br>5. Ang aksidente ay isang bangungot sa kanilang pamilya.<br>6. Ikaw ay langit at ako ay lupa.<br>7. Ang panalangin ay susi ng mga biyaya.<br>8. Tunay na bituin si Jamela sa kanyang kagandahan.<br>9. Hindi yata siya nakakaramdam. Bato ang kanyang puso.<br>10. Napakaplastik niya! Palagi siyang nagpapanggap.<br><br>Pumili ng pangungusap sa 1-10 at ipahayag muli ito upang maging simili o pagtutulad ang tayutay na ginamit.<br><br>Hal. Ay naku, sobrang nerbiyosa 'yang si Claire. <u>Parang nagyeyelo</u> ang kamay niya 'pag humarap sa maraming tao.<br><br>.<br><br>**2. Fidbak**<br>Magbigay ng fidbak tungkol sa awtput ng mga bata sa kanilang gawaing pantahanan. | **Susing Sagot:**<br><br>a.<br>• Maisilang at magkaroon ng pangalan at nasyonalidad<br>• Magkaroon ng tirahan at pamilyang nag-aaruga sa kanya<br>• Manirahan sa isang payapa at tahimik na pamayanan<br>• Mabigyan ng pagkakataong makipaglaro at makapaglibang<br><br>.<br><br>b. 1. basura<br>2. nagyeyelo<br>3. hulog ng langit<br>4. ahas<br>5. bangungot<br>6. langit, lupa<br>7. susi<br>8. bituin<br>9. bato<br>10. napakaplastik |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>PAGBUO NG *JIGSAW PUZZLE*. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng bubuoing *Jigsaw Puzzle*. Matapos mabuo, ipasabi sa mga bata kung anong karapatang pambata ang isinasaad sa bawat larawan.<br> <br> <br>  | <br>https://shorturl.at/fmxNP<br><br>Magkaroon ng tahanan at pamilyang mag-aaruga<br><br><br>https://shorturl.at/enrx9<br><br>Mabigyan ng pagkakataong makapaglaro at makapaglibang<br><br><br>https://shorturl.at/cOPY8<br><br>Mapaunlad ang kakayahan |

Sabihing babasahin nila ang isang dula tungkol sa nabanggit na tatlong karapatan ng batang tulad nila.

Itanong: Bakit mahalagang malaman at maunawaan mo ang iyong mga karapatan bilang isang bata?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**


Ipabigay ang kahulugan ng salitang may salungguhit sa loob ng pangungusap. Maaaring ipakita ang mga *GIF* o isakilos ang mga salitang bibigyan ng kahulugan.

**1.** Hindi siya **umiimik** dahil nagtatampo siya.



https://shorturl.at/gyE68

**2. Sinisita** ngayon ng mga pulis ang lahat ng mga motorista.



https://shorturl.at/bgqz8

**3.** Tuwing naaalala niya ang kanyang pagkakamali ay **napapabuntong-hininga** siya.



https://shorturl.at/gyE68

**4.** Kung hindi magugustuhan ni Lyca ang sinasabi sa kaniya ay <u>**magdadabog** siya.</u>



https://shorturl.at/EFR34

Ang mga J*igsaw Puzzle* at *GIF* ay maaaring makuha sa https://rb.gy/u8ijz7

1. nagsasalita
2. pinapansin, pinagsasabihan, pinaaalalahanan
3. malalim at mabigat na paghinga
4. magpapakita ng hindi magandang asal sa harap ng ibang tao sa pamamagitan ng pagkilos na may kasamang mabigat na pagpadyak o pagbabagsak ng bagay
5. dalagita
6. pustura, hitsura, kilos/galaw

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**5.** Maganda ang **dalaginding** nina Aling Nita at Mang Nestor.



https://shorturl.at/dlENO

6. Nang pinagsabihan ni Lola ay hindi naging maganda ang **asta** ni Claire. Siya ay nakasimangot at sumasagot nang walang galang.



https://tinyurl.com/ys752 [illegible]

</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>

C. **Paglinang at Pagpapalalim**

</td>
<td>

**KAUGNAY NA PAKSA 1: PAGBABASA NG DULANG PAMBATA**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa (Pagbasa ng Isang Dulang Pambata)**

a. Ipabasa ang dula nang alinsunod sa estratehiyang Ugnayang Tanong-Sagot.

Pumili ng mga babasa sa bawat bahagi ng dula. Ipaalala ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) at mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag.

**Anak, Magulang, Pangyayari**<br>*Ni Lilybeth C. Agno*

**Mga Tauhan**: Rein (isang batang sampung taong gulang na bata), ang kanyang Nanay at Tatay<br>**Tagpuan**: Sabado ng gabi sa bahay nina Rein

NANAY: Agahan mo ang tulog, Rein, para makabawi ka. Palagi ka nang nagpupuyat. Wala namang klase bukas kaya hindi dahilan ang *assignment* ha?<br>REIN: Nay, naman. Wala ngang klase eh. Magrelaks naman ako. *Promise*, sandali na lang 'to (tuloy-tuloy lang sa paglalaro ng *online game*).<br>NANAY: Hay, naku! Pagbalik ko, tapos na 'yan ha? 9 *o'clock*, matulog ka na.

</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | REIN: Opo, Ma (*Excited* sa paglalaro).<br>NANAY: Ikaw ay ipinagtimpla ko na ng *lemon juice*. Ininom mo na ba?<br>REIN: Weyt lang Ma (Nakatutok sa selfon).<br><br>Pagkaraan ng 30 minuto:<br><br>REIN: (Naglalaro pa rin sa selfon). Yey, mananalo na ako!<br>TATAY: Rein, 9 *PM* na. Matulog ka na.<br>REIN: Weyt lang Pa.<br>TATAY: Rein (Mas malakas na ang boses).<br>REIN: (Hindi pumapansin sa tatay; naglalaro lang). Ay, muntik na!<br>TATAY: Rein (Galit na).<br>REIN: Pa, patapos na 'to.<br>TATAY: (Maghihintay kay Rein at halatang hindi na makatiis. Naghintay pa ng sampung minuto).<br>REIN: Ayyy, talo!<br>TATAY: Rein, halika nga rito.<br>REIN: (Susundan ang tatay putungong sala at uupo sa *sofa*).<br>TATAY: Anak, 'di ba palagi naming sinasabi sa 'yo na hindi mabuti ang sobrang paglalaro ng *online games* at paggamit ng selfon? At anong oras na? Mahigit isang oras kang nakababad sa paglalaro. Lumilipad ang oras at sinasayang mo lang sa paglalaro sa selfon. At 'yang mga mata mo, masisira. Baka hindi magtatagal, magsasalamin ka na. Nakalimutan mo na rin ba ang *radiation*. Alam mo 'yan 'di ba?<br>REIN: (Tatango lang. Hindi iimik).<br>TATAY: Sabi ng Mama mo, palagi ka na lang nakahawak ng selfon. At hirap mo na ring utusan. Puro ka "weyt lang".<br>NANAY: (Palapit sa mag-ama). Kaya nagpupuyat sa paggawa ng *assignment* dahil inuuna pa ang selfon. Pagdating ng bahay, ayan, nagseselfon na.<br>TATAY: (Mapapabuntong-hininga). Rein, ikaw ay binilhan namin ng selfon upang magamit mo sa pag-aaral kung kailangan at hindi palaging paglaruan. Mula ngayon, pagdating mo sa bahay, ibigay muna ang selfon kay Mama mo at mag-*assignment* o tumulong sa bahay. Puwede mong makuha uli ang selfon 'pag tapos na ang mga iyan. At 'pag 9 *o' clock* na, ibigay uli sa amin at kukunin mo rin kinabukasan.<br>REIN: (Halatang malulungkot). Opo, Pa. | |


| | | |
|---|---|---|
| | NANAY: Sige, akin na'ng selfon mo at matulog ka na. Yong *lemon juice* mo, inumin mo na.<br>REIN: (Ibibigay ang selfon sa nanay). Opo, Ma. (Magdadabog na papalayo): Buti pa si Alex, hindi sinisita ng magulang niya. Nagagawa kahit ano'ng gusto. Bibibigyan pa siya ng Daddy niya ng kahit na anong hingin niya.<br><br>Kinaumagahan:<br><br>NANAY: Oh, gising ka na pala. Kumain ka na. Ipinagluto ka ni Papa mo ng paborito mong pritong isda. Tapos na kami ng Papa mo kasi maaga siyang umalis at ikaw naman, tanghali na 'pag bumangon.<br>ANAK: (Nakangiti at maglalambing sa nanay na naglilinis ng bahay). Mama, puwede ba akong pumunta kina Chloe? Bertdey kasi niya. Inimbita niya ako.<br>NANAY: Anong oras ba ang *birthday party*?<br>ANAK: Sabi nila, 3 *o'clock* Ma. Mamayang hapon po.<br>NANAY: Oh, sige.<br>REIN: *Thank you*, Ma! (Masayang-masaya).<br>NANAY: Alas-otso pa lang naman ng umaga. Kumakaway na ang mga labahin mo. Maglaba ka muna kahit hindi lahat. Kahit mag-*washing machine* ka na lang.<br>ANAK: (Biglang mawawala ang ngiti). Hmmm…<br>NANAY: Habang nilalabhan ng *machine*, ayusin mo na rin ang mga damit mo sa kabinet at ang gulo na. Hindi ka na makahanap ng isusuot mo. Di ba sinabi ko rin kanina na iligpit mo ang iyong mga kagamitang pang-eskuwela? Bakit nakakalat pa ang mga *art material* mo? (Ililigpit na ang mga nakakalat na *art material* at *school bag*). At itong poster mo, baka ihian ni Ming. Itabi mo nga, Rein (Iaabot ang poster kay Rein).<br>ANAK: (Magdadabog): Sasabay ako kina Tita Shaira, Ma. Dadaanan nila ako dito ng ala-una.<br>NANAY: (Malulungkot sa asta ng anak). Matagal pa 'yang ala-una. Marami ka pang magagawa. Hala, sige, kunin mo na ang iyong mga labahin para maibabad pa nang konti. Ipaglalaba na kita sa iba pang mga damit mo. (Ipagpapatuloy ang paglilinis).<br>ANAK: (Mapipilitang sumunod).<br><br>Lunes ng hapon: | |

| | | |
|---|---|---|
| | NANAY: Oh, Rein, dumating ka na pala. 'Musta ang pag-aaral mo anak? Magmeryenda ka na! Kayo ng Papa mo ay ipinaghanda ko ng pansit.<br>REIN: Ma, may kontes sa pag-awit. Isasali daw ako ni Ma'am. Ayoko, wala pa akong alam.<br>NANAY: Anak ko, marunong kang umawit. Praktis lang 'yan. Hala, akin na 'yang selfon mo. Magmeryenda ka na at magpalit ka ng ng damit. Pagkatapos, magpahinga nang konti at magpraktis ka na. (Ilalabas ang *microphone* at ihahanda ang *Karaoke*). Binilhan ka ng Papa mo ng *Karaoke* pero matagal mo nang hindi nagamit.<br>REIN: (Magmemeryenda. Papasok sa kanyang kuwarto. Pagkaraan ng ilang sandali, lalabas. Nakapagpalit na ng damit. Kukunin ang *remote control*) Ano kaya'ng magandang awitin, Mama?<br>NANAY: Bahala ka nang pumili ng gusto mo. (Ipagpapatuloy ang paghahanda ng pagkain).<br>REIN: (Pipili ng awit at kakanta na).<br>TATAY: (Papasok sa bahay galing trabaho at maririnig ang awit ni Rein. Matutuwa). *Wow*, ang galing naman ng anak ko! Matagal ka nang hindi umawit, 'no? Buti naman at naisipan mong umawit ngayon.<br>REIN: (Ngingitian ang tatay. Patuloy sa pag-awit).<br>NANAY: Sasali daw ng kontes, Dad, kaya nagsasanay.<br>TATAY: Kayang-kaya 'yan ng dalaginding ko! (Isasabit ang dyaket at ibababa ang bag).<br>REIN: (Titigil sa pag-awit). Pa'no na nga ba 'to, Pa?<br>TATAY: (Ituturo si Rein sa pag-awit at dalawa na silang aawit).<br>NANAY: (Ititigil din ang paghahanda ng pagkain at sasabay sa pag-awit. Maririnig ang magandang pagkanta ng pamilya hanggang sa matapos ang awit.)<br>TATAY: (Makikita ang saya sa mukha): Matagal na tayong hindi nag-awitan, ah.<br>REIN: Oo nga Pa. Palagi na kayong *busy* ni Mama. Hindi na rin tayo naglalaro ng *Scrabble* at *Game of the Generals*. Hindi na rin tayo namamasyal sa dagat at kumakain sa labas. Kaya palagi na lang akong naglalaro ng *online games*.<br>NANAY: Sorry, anak ha! Nagtatampo na 'yan, Dad at matagal na raw 'yong huling *swimming* natin.<br>TATAY: Sige, anak. Babawi kami ng Mama mo. Masyadong maraming trabaho | |

ang Papa mo sa mga nagdaang linggo kaya hindi tayo nakapaglibang.
NANAY: Kahit dito sa bahay, anak, andaming gawain kaya hindi na rin tayo nakapaglalaro ng *board games.*
REIN: Mula ngayon, Ma, tutulungan na kita lagi para makapaglaro tayo uli. Hindi mo na ako dapat na pagsasabihan pa.
NANAY: (Yayakapin ang anak). Anak, basta magpakabait ka lang lagi at pagbutihin ang iyong pag-aaral.
TATAY: (Yayakapin din si Rein. Pagkatapos, kukunin ang *remote control*). Oh, eto. Matagal na nating hindi inaawit (Pipindutin ang *Play* ng *Karaoke*).
TATAY, NANAY AT REIN: (Masayang aawit at muli, maririnig ang maraming awitan).
NANAY: Natutuwa ang *microphone* ngayon, Dad ha!.
TATAY: At nagagalak ang *speaker*. Hahaha!
REIN: Lumulukso naman po ang aking puso!

At naging masaya ang buong bahay nina Rein. (WAKAS)


b. Talakayin ang nilalaman ng dula sa tulong ng *THINKING CUPS.*
Ipakita ang *thinking cups* na naglalaman ng mga katanungan tungkol sa dula. Ang bawat baso/tasa ay may *label* na nagsasaad ng kategorya ng tanong/gawain.





Ang *Thinking Cups* ay maaaring makuha sa https://rb.gy/u8ijz7

## ISIPIN AT HANAPIN

- **Triad.Kumuha ng dalawang kasama. Ibigay ang opinyon o reaksiyon mo sa ikinilos ng mga tauhan sa dula. Bigyan din sila ng paglalarawan sa pamamagitan ng pagbuo sa grapikong larawan. Pagkatapos, ihambing sa ibang pangkat ang inyong ginawa.**




## AKO AT ANG AWTOR




**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

| | | |
|---|---|---|
| | **Reaction Fishbowl**. Ibahagi ang tunay na karanasan ng ibang bata at itanong ang kanilang opinyon o reaksiyon tungkol sa mga ito. Ipaugnay rin ang mga ito sa kanilang sariling karanasan. Ipasulat sa mga bata ang kanilang opinyon/reaksiyon/repleksiyon tungkol sa napili nilang karanasan at ipahulog sa *Reaction Bowl*. Bumunot ng ilan at ibasa sa klase.<br>a. Si Petang, isang 14-anyos na batang nagsimulang magtrabaho sa plantasyon ng tubo sa edad na lima. https://pinoyweekly.org/2015/01/ang-mga-batay-salamin-ng-kasalukuyang-lipunan/<br>b. Tatlong batang lalaking inanod ng alon sa Manila Bay https://www.radyolaverdad.com/3-batang-lalaki-na-inanod-ng-alon-sa-manila-bay-sa-kasagsagan-ng-bagyong-lando-nasagip/<br>c. Magkapatid na paslit na iniwan ng kanilang nanay https://www.thedailysentry.net/2021/06/magkapatid-na-paslit-hindi-na-binalikan.html<br><br>**(IKALAWANG ARAW)**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Dula-Dulaan.**<br>a. Ipasapinal ang iskrip na ginawa para sa dula-dulaan at bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral upang makapagsanay sa loob ng 10 minuto. Ang dula-dulaan ay dapat na magpakita ng isang senaryo tungkol sa paglalaro o paglilibang ng mga bata at pamamatnubay ng mga nakatatanda.<br><br>b. Ipaalala ang mga tanong na na nasa tseklis na ibinigay sa gawaing pantahanan.<br><br>c. Ipasagawa ang pangkatang dula-dulaan.<br><br>**(IKATLONG ARAW)**<br>**KAUGNAY NA PAKSA 2: ANG TAYUTAY NA PERSONIPIKASYON**<br><br>**1. Pagproseso sa Pag-unawa (Pag-alala sa mga Konsepto)**<br>Talakayin kung ano ang tayutay (personipikasyon)<br>a. Humalaw ng mga halimbawa ng personipikasyon mula sa dulang binasa at ipasuri ang mga ito.<br><br>• Kumakaway na ang mga labahin mo.<br>• Lumilipad ang oras.<br>• Natutuwa ang *microphone*.<br>• Nagagalak ang *speaker*. | Ang kopya ng mga karanasan ay maaaring makuha sa https://rb.gy/u8ijz7<br><br>Sa ikalawang araw, inaasahang nagawa na ng iskrip ang mga mag-aaral. Tingnan ang gawaing pantahanan tungkol sa pagsulat ng iskrip ng dula-dulaan, pati ang *checklist* na magsisilbing gabay sa paggawa. |

| | | |
|---|---|---|
| | • Lumulukso naman po ang aking puso!<br><br>Mga Gabay sa Pagsusuri:<br>• Ano-ano ang nabanggit na walang buhay o hindi tao sa mga pangungusap, ngunit ginawang may buhay o parang tao?<br>• Paano binigyan ng buhay ang mga ito?<br>• Kaninong kilos ang nakasaad sa bawat pangungusap?<br>• Anong bahagi ng pananalita ang ginamit upang mabigyan ng kilos ng tao ang mga walang buhay o hindi taong ginamit sa mga pangungusap?<br>• Ano ang ibig sabihin ng:<br><br>kumakaway ang mga labahin?<br>lumilipad ang oras?<br><br>natutuwa ang *microphone*?<br><br>nagagalak ang *speaker*?<br><br>lumulukso ang puso?<br><br>• Ano ang masasabi ninyo sa mga pahayag na gumagamit ng walang buhay/di tao at ginawang may buhay?<br>• Ano ang tawag sa mga ito? Anong uri ng tayutay ito?<br><br>b. Magpakita ng iba pang pangungusap na may personipikasyon.<br><br>• Sa Baguio, sasalubungin ka ng malamig na hangin. Ngingitian ka rin ng mga bulaklak doon.<br>• Samantala, dito sa atin, galit na galit ang haring araw kaya napakapainit.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>a. Salungguhitan ang mga ginamit na tayutay na personipikasyon sa tula.<br><br>BIYAYA NG ULAN<br>Ni Lilybeth C. Agno<br><br>Matapos <u>magalit ang araw</u> nang kay tagal,<br><u>Umiyak</u> naman nang malakas <u>ang kalangitan</u>; | <br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br>• Marami nang lalabhan.<br>• Mabilis ang takbo ng oras.<br>• Ginagamit ito sa pagsasaya.<br>• Ginagamit ito sa pagsasaya.<br>• Masaya siya. |

Subalit sa lupa ay may lubos na natuwa,
Mga puno't halaman, lalo na ang mga bata.

Ngumiti ang mga damo at mga bulaklak,
Sumayaw ang mga halaman sa bawat patak,
Ang mga bata naman ay umindak-indak,
Kiniliti ng mga tilamsik kaya sobrang nagalak.

Ang bawat butil ng ulan ay naghatid ng saya,
Lahat ay lubos na natuwa sa kanya,
Ang mundo'y lumukso sa hatid na pag-asa,
Matagal man ang tag-init, dumating din ang biyaya.

b. Bumuo ng pangungusap na may personipikasyon sa pamamagitan ng paglagay ng angkop na kilos sa bagay o walang buhay. Pumili ng sagot sa kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| nagbibigay | niyayakap | nanghaharana | kumukurot |
| sumasayaw | nag-aanyaya | kumakaway | |

Biyaya ng Paligid

Ang likas na yaman ay tunay na naghahatid sa atin ng ligaya. Sa umaga, ang mga ibon ay (1) ________________. Ang mga ilog at dagat ay palaging (2) ________________ sa atin upang maligo. Sa gabi, ang mga bituin ay (3) ________________. Kung mainit ang panahon, (4) ______________ tayo ng malamig na hangin mula sa mga punongkahoy. Ang mga puno ay (5) ________________ sa dami ng kanilang bunga. Ang paligid ay tunay na (6) ________________ ng biyaya.

1. nanghaharana
2. kumakaway/nag-aanyaya
3. sumasayaw
4. niyayakap
5. kumakaway/nag-aanyaya
6. nagbibigay

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Bumuo ng pangungusap na may personipikasyon tungkol sa bagay na nasa paligid tulad ng sumusunod:

1. aklat
2. *cellphone*
3. upuan
4. *wallet* na may maraming laman

5. relo

**(IKAAPAT NA ARAW)**
**KAUGNAY NA PAKSA 3: POKUS NG PANDIWA (BENEPAKTIBO)**

1. **Pagproseso sa Pag-unawa.** Ituro ang paksang ito sa pamaraang pabuod.

   a. Humalaw ng mga halimbawa mula sa dulang *Anak, Magulang, Pangyayari*. Magtanong sa mga mag-aaral upang mapalabas ang mga sumusunod na pangungusap.

   - Ikaw ay ipinagtimpla ko na ng *lemon juice*.
   - Ikaw ay binilhan namin ng *cellphone*.
   - Ipinagluto ka ni papa mo ng paborito mong pritong isda.
   - Binilhan ka ng papa mo ng *Karaoke*.
   - Ipaglalaba na kita sa iba pang mga damit mo.
   - Kayo ng tatay mo ay ipinaghanda ko ng pansit.
   - Binibigyan pa siya ng Daddy niya ng kahit na anong hingin niya.

   b. Ipasuri ang bawat pangungusap upang matukoy ng mga bata ang relasyong pansemantika ng simuno at ang pandiwang nagamit dito.

   - **Ikaw** ay binilhan namin ng *cellphone*.
   - Ipinagluto **ka** ni papa mo ng paborito mong pritong isda.
     (**Ikaw** ay ipinagluto ni papa mo ng paborito mong pritong isda.)
   - Binilhan **ka** ng papa mo ng *karaoke*.
     (**Ikaw** ay binilhan ng papa mo ng *karaoke*.)
   - Ipaglalaba na **kita** sa iba pang mga damit mo.
     (**Ikaw** ay ipaglalaba ko na sa iba pang mga damit mo.)
   - **Kayo ng papa mo** ay ipinaghanda ko ng pansit.
   - Binibigyan pa **siya** ng *daddy* niya ng kahit na anong hingin niya.

Itanong: Ano ang relasyon ng simuno at pandiwa sa loob ng bawat pangungusap?

| SIMUNO | PANDIWA |
|---|---|
| Ikaw | binilhan |
| Ikaw | ipinagluto |
| Ikaw | ipaglalaba |
| Kayo ng papa mo | ipinaghanda |

Ang aking aklat ay kumakaway na para basahin ko.

Inaanyayahan ako ng aking *cellphone* upang maglaro ng *ML (Mobile Legends)*.

Nanginig ang upuan dahil sa hindi maayos ang aking pag-upo.

| | | |
|---|---|---|
| | Siya binibigyan<br><br>c. Ipakilala ang *benepaktib*/ *tagatanggap* bilang pokus ng pandiwa.<br>d. Ipasuri ang mga panlaping ginamit sa mga salitang kilos.<br><br>binilhan in-han<br>ipinagluto i-in-pag<br>ipaglalaba i-pag<br>ipinaghanda i-in-pag<br>binibigyan in<br><br>Itanong sa mga mag-aaral kung mayroon pa silang alam na panlaping ginagamit sa pagbuo ng pandiwang nasa pokus sa tagatanggap o benepaktibo. Idagdag ang **-an**<br><br>e. Magbigay ng iba pang halimbawa upang mas maunawaan ang pandiwang may pokus sa tagatanggap o benepaktibo.<br><br><u>Niregaluhan</u> ko **si Nanay** ng damit.<br><u>Ipagsasalok</u> ko tubig **ang aking bunsong kapatid**.<br>**Kami** ay <u>pinadalhan</u> ni Nanay ng masarap na ulam.<br><br>f. Magpabigay ng mga pangungusap na may pandiwang nasa pokus na tagatanggap o benepaktibo.<br><br>g. Bilang paglalahat, itanong kung ano ang pokus na tagatanggap o benepaktibo ng pandiwa.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>A. Tukuyin ang simuno at ang pandiwa sa bawat pangungusap. Sabihin kung ang pandiwa ng pangungusap ay nasa pokus benepaktibo o hindi. Isulat ang OO o HINDI.<br><br>Pagmamahal sa Kapatid<br><br>(1) Ang aking kapatid na si Maelee ay ibinibili ko ng pagkain. (2) Nakikipaglaro rin ako sa kanya. (3) Tinutulungan ko rin siya sa kanyang mga aralin. (4) Kung minsan ay sinasamahan ko pa siya sa kanyang paaralan. (5) Siya ay minamahal kong tunay.<br><br>B. Bumuo ng mga bagong pangungusap na ginagamitan ng | |

| | | |
|---|---|---|
| | pandiwang nasa pokus na benepaktib. Isulat sa isang talata ang mga bagong pangungusap. Lagyan ito ng magandang pamagat.<br>Hal. Bumili si Nanay ng pagkain para kay Beybi.<br>Ibinili ni Inay si Beybi ng pagkain.<br><br>1. Kami ay bumisita sa bahay nina Lolo at Lola.<br>2. Nagdala kami ng mga pagkain para sa kanila.<br>3. Kumanta rin kami ng mga lumang awit para sa kanila.<br>4. Umawit din sina Lolo at Lola para sa amin.<br>5. Nagbigay pa sila sa amin ng pera.<br>6. Ang bawat isa sa amin ay yumakap at humalik sa kanila.<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Bumuo ng limang pangungusap tungkol sa isang sitwasyong kinasangkutan mo. Pumili ng nagugustang paksa sa baba. Gumamit ng mga pandiwang nasa pokus benepaktib o tagatanggap.<br><br>1. pagpapaunlad ng iyong talento<br>2. paglilibang<br>3. pagmamahal sa pamilya | Susing Sagot:<br>1. Oo<br>2. Hindi<br>3. Oo<br>4. Oo<br>5. Oo<br><br>*Masayang Pagdalaw kina Lolo at Lola*<br><br>Binisita namin sina Lolo at Lola sa kanilang bahay. Dinalhan namin sila ng mga pagkain. Kinantahan din namin sila ng mga lumang awit. Inawitan din kami nina Lolo at Lola. Binigyan pa nila kami ng pera. Sila ay aming niyakap at hinalikan. |
| **D. Paglalahat** | **(IKALIMANG ARAW)**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**Gawaing Metakognisyon.** Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral upang ibahagi ang kanilang mga natutuhan sa buong linggo.<br>Itanong: Kung tuturuan mo ang iyong kapatid o kaklase, ano ang sasabihin mo tungkol sa:<br>a. Tayutay na Personipikasyon?<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>______________________________<br><br>b. Pandiwang Nasa Pokus Benepaktib?<br>________________________________<br>________________________________ | |

2. **Pagninilay sa Pagkatuto**
   Ipabuo ang talaan.

| | | |
|---|---|---|
| Ano ang iyong | naisip matapos malamang may karapatan kang maglaro, maglibang at paunlarin ang iyong kakayahan? | |
| | nararamdaman kung hindi ka makapaglaro o makapaglibang dahil hindi pumapayag ang iyong magulang? | |
| | nararamdaman matapos malamang may mga batang tulad mo na hindi makapaglibang dahil sa hirap ng buhay? | |
| | gagawin upang maipadama sa iyong mga magulang ang pasasalamat sa kanilang pag-aaruga sa iyo? | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA sa GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>A. Salungguhitan ang ginamit na tayutay na personipikasyon sa talata.<br><br>**Kamping sa Tabing-Dagat**<br><br>*Ni Lilybeth C. Agno*<br><br>Kami ng aking mga magulang ay nagkamping sa tabing-dagat. Nakarating kami roon nang hapon at sinalubong kami ng malamig na simoy ng hangin. Sa aming pagdating, nakangiti ang mga bulaklak sa isang maliit na hardin. Kumakaway na ang mala-kristal na tubig ng dagat kaya hindi na kami nag-aksaya ng panahon. Sabik kaming naligo. Gusto pa sana naming maglaro sa buhangin subalit lumipad yata ang oras at unti-unti nang nagtatago ang araw sa likod ng dagat. Kaygandang pagmasdan ang paglubog nito.<br><br>Kinagabihan, lumabas kami upang pagmasdan ang kalangitan. Nakatingin ang buwan sa amin. Pagkalipas ng ilang oras, ang buwan ay nagtago sa likod ng mga ulap at nagsimula nang kumindat ang mga bituin. Naglapag na kami ng banig upang doon muna sa labas humiga. At kami ay inaawitan ng payapang dagat.<br><br>Kinabukasan, kami ay muling naligo at naglaro sa malinis na buhangin. Pagkatapos ng tanghali, napansin namin na sumasayaw ang mga dahon. Nagsimula na ring tumalon ang mga alon sa dagat. Nalulungkot na ang kalangitan at unti-unti nang dumidilim ang paligid. Mayamaya pa, umiyak na ang langit. Hinintay na lang naming kumalma ang paligid bago kami lumabas uli. Habang naghihintay ng pagbuti ng panahon, kami ay nag-*videoke*. Nakipag-awitan sa amin ang ulan. Pagkaraan ng ilang oras, sumilip na naman ang araw sa mga ulap at unti-unti na namang ngumiti ang mga bulaklak.<br><br>B. Salungguhitan ang pandiwa at bilugan ang simuno. Pagkatapos, tukuyin kung ang pokus ng pandiwa ay benepaktib o hindi.<br><br>1. Ako ay nag-aral ng pagtugtog ng piyano.<br>2. Tinuruan ako ni Ate Cey ng pagbasa ng nota.<br>3. Palagi niya akong pinagsasabihang maging matiyaga sa pag-aaral.<br>4. Natuwa ang aking nanay sa natutuhan kong pagtugtog ng mga piyesa.<br>5. Binilhan na ako ni tatay ng *Yamaha organ.*<br><br>C. Panuto: Dugtungan ng limang pangungusap ang paksang pangungusap upang mabuo ang diwa ng talata. Ang mga pangungusap na idudugtong ay dapat | Susing Sagot:<br><br>1. Simuno: Ako<br>Pandiwa: nag-aral<br>Pokus ng Pandiwa: Hindi benepaktib<br><br>2. Simuno: Ako<br>Pandiwa: tinuruan<br>Pokus ng Pandiwa: Benepaktib |

na ginagamitan ng pandiwang may pokus na tagatanggap o benepaktibo.

Maalagang Ina

Lubhang mapagmahal at mapag-aruga si Aling Koring sa kanyang mga anak.______________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang Aralin**

Unang Araw:

**Dula-Dulaan.** Hatiin ang klase sa apat hanggang anim na grupo. Magpagawa ng isang maikling dula-dulaan (5 minuto) na nagpapakita ng isang senaryo tungkol sa paglalaro o paglilibang ng mga bata at pakikialam ng mga nakatatanda. Sabihing isasagawa ang pagsasadula kinabukasan.

Bigyan ng tseklis ang bawat pangkat upang magsilbing gabay sa kanilang paghahanda.

**Tseklis sa Paghahanda sa Dula-Dulaan**

| Mga Tanong | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| A. **Kaangkupan ng Tema** | | |
| 1. Ang inyong dula ba ay tungkol sa kahit sa paglilibang ng mga bata, o pagpapaunlad ng talent o kakayahan ng mga bata, o pangangalaga ng pamilya sa mga anak? | | |
| 2. Nagpapakita ba ito ng pakikisangkot ng mga nakatatanda? | | |
| B. **Haba**<br>Maaari ba itong matapos sa loob ng limang minuto? | | |
| C. **Angkop na Diksiyon (Kaangkupan ng Salita, Retorika at Estilo)**<br>1. Nabibigkas niyo ba nang tama ang mga salita at mga pahayag?<br>2. Angkop ba ang tinig ninyo para sa mga tauhang binibigyan ninyo ng buhay? | | |
| D. **Angkop na Di-Berbal na Hudyat sa Pagpapahayag**<br>1. Nalalapatan niyo ng mga angkop na ekspresyon ng mukha ang inyong pag-akto?<br>2. Angkop ba ang mga kilos na ginagawa ninyo habang kayo ay nagsasadula? | | |

3. Simuno: Ako
   Pandiwa: pinagsasabihan
   Pokus ng Pandiwa: Benepaktib

4. Simuno: Ang aking nanay
   Pandiwa: natuwa
   Pokus ng Pandiwa: Hindi benepaktib

5. Simuno: Ako
   Pandiwa: binilhan
   Pokus ng Pandiwa: Benepaktib

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>E. Angkop na Kasuotan at Kagamitan<br>1. Gagamit ba kayo ng costume?</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Gagamit ba kayo ng props?</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>D. Kawilian ng Tagapanood<br>Mawiwili kaya ang mga manonood sa inyo?</td><td></td><td></td></tr>
</table>
Ikaapat na Araw
Basahin ang comic strip ng Ang Alibughang Anak. Isulat sa isang papel ang mga pangungusap na ginamitan ng pandiwang nasa pokus benepaktib o tagatanggap.
</td>
<td>Ang comic strip ng Ang Alibughang Anak ay maaaring makuha sa https://rb.gy/u8ijz7</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** Lilybeth C. Agno | ***Sinuri ni:*** Jasper Lomtong |
| ***Institusyon:*** Mariano Marcos State University | ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila |